

MGA MAY-HAWAK NG LISENSYA SA PAGMAMANEHO NA INISYU SA LABAS NG HONG KONG UPANG MAKAPAGMANEHO SA LUNGSOD

PANSIN

Mula ika-16 ng Marso 2026 patuloy, para sa pagsusumite ng aplikasyon para sa direktang pag-isyu ng ganap na lisensya sa pagmamaneho sa Hong Kong, ang mga aplikante ay **dapat** munang magpa-appointment para sa "direktang pag-isyu" na mga serbisyo sa counter sa pamamagitan ng [itinalagang online appointment booking system](#), at pagkatapos ay bisitahin ang mga itinalagang opisina ng paglilisensya sa itinalagang petsa at oras upang magsumite ng aplikasyon. **Hindi pinapayagan ang walk-in o pagkuha ng numero ng pila sa mismong lugar** ang isasaayos para sa pagsusumite ng mga direktang pag-isyu ng aplikasyon.

3. Mga May-hawak ng Lisensya sa Pagmamaneho na Inisyu sa labas ng Hong Kong upang Makapagmaneho sa Lungsod

Mga may-ari ng ganap na lisensya sa pagmamaneho na inisyu sa labas ng Hong Kong na gustong magmaneho sa lungsod ay maaaring gawin ito sa pamamagitan ng isa sa mga sumusunod na paraan:

- (I) Mag-apply para sa direktang pag-isyu ng ganap na lisensya sa pagmamaneho nang walang pagsusulit;
- (II) Mag-apply para sa isang pansamantalang lisensya sa pagmamaneho; o
- (III) Magmaneho gamit ang bisa ng kanilang kasalukuyang lisensya sa pagmamaneho o internasyonal na permit sa pagmamaneho na inisyu sa labas ng Hong Kong kung sila ay mga bisita sa Hong Kong (ang bisita ay nangangahulugang sinumang tao na dumarating sa Hong Kong maliban sa layuning manirahan doon sa panahong hihigit sa 12 buwan)^[1].

3.1 Mag-apply para sa Direktang Pag-isyu ng Ganap na Lisensya sa Pagmamaneho nang walang Pagsusulit

3.1.1 Mga Pamantayan

Para sa direktang pag-isyu ng ganap na lisensya sa pagmamaneho sa Hong Kong, kinakailangan mong mapatunayan sa Komisyonero sa pamamagitan ng **nakasulat na ebidensya** na:

- (a) mayroon kang **ganap na lisensya sa pagmamaneho** (hindi Internasyonal na Permit sa Pagmamaneho o lisensya para sa nag-aaral/probasyonaryo)^[2] na inisyu ng isa sa mga bansa o lugar na nakalista sa Iskedyul 4 ng Mga Regulasyon ng Trapiko sa Kalsada (Mga Lisensya sa Pagmamaneho) Mga Regulation (Cap. 374B) (mangyaring sumangguni sa [Apendiks C](#)) na may bisa o nag-expire na nang hindi hihigit sa 3 taon; at
- (b) ang (mga) karapatan sa pagmamaneho na iyong inaaplayan ay dapat na katumbas ng (mga) klase na pinahintulutan na magmaneho ng bansang nag-isyu o lugar; at
- (c) nakuha ang iyong lisensya sa pagmamaneho sa pamamagitan ng pagpasa sa kaugnay na (mga) pagsusulit sa pagmamaneho sa bansang nag-isyu o lugar^[3]; at
- (d) natugunan mo ang isa sa tatlong kinakailangan sa ibaba:
 - (i) ang lisensya ay orihinal na inisyu sa iyo sa anumang petsa sa loob ng panahon ng paninirahan na hindi bababa sa 6 na buwan sa bansa o lugar na nag-isyu^[4] (kasama sa mga sumusuportang dokumento

ang (i) kaugnay na pasaporte na nagpapakita ng mga rekord ng pagpasok at pag-alis o isang opisyal na pahayag ng mga talaan ng paglalakbay mula sa bansa o lugar na nag-isyu, (ii) visa^[5]/ opisyal na mga dokumento na maaaring magpakita ng iyong kalagayan ng pananatili sa bansa o lugar na nag-isyu (kung mayroon man) at (iii) ang iyong transcript sa paaralan^[6] o sertipiko mula sa employer^[7] na may tinukoy na panahon ng trabaho, atbp., na sumasaklaw sa hindi bababa sa nasabing 6 na buwang panahon kung saan kasama ang petsa ng pag-isyu ng lisensya); o

(ii) ang lisensya ay naisyu sa iyo sa loob ng hindi kukulangin sa 5 taon bago ang petsa ng aplikasyon^[8]; o

(iii) may hawak kang pasaporte o katumbas na dokumento sa pagbibiyaha na inisyu sa bansa o lugar kung saan inisyu ang iyong lisensya^[9].

3.1.2 Paano mag-apply?

- Una ay magpa-appointment para sa "direktang pag-isyu" na mga serbisyo sa counter sa pamamagitan ng [itinalagang online appointment booking system](#);
- Pagkatapos ay bisitahin ang mga itinalagang opisina ng paglilisensya sa itinalagang petsa at oras nang personal / sa pamamagitan ng isang awtorisadong tao upang isumite sa counter ang nakumpletong aplikasyon. [TD63A](#) form ng aplikasyon kasama ang mga kinakailangang dokumento at bayad. Ang taong may appointment ay maaaring magsumite ng aplikasyon sa (kung ang aplikasyon ay isusumite ng isang awtorisadong tao, ang awtorisadong tao ay kinakailangan ng awtorisadong tao na ipakita ang kaniyang sariling orihinal na dokumento ng pagkakakilanlan para sa layunin ng pagtatala):
 - [Opisina ng Paglilisensya ng Hong Kong](#): Nagpoproseso ng mga aplikasyong isinumite kasama ang mga ganap na lisensya sa pagmamaneho na inisyu ng **lahat ng kinikilalang bansa o lugar (kabilang ang Mainland)**
 - [Opisina ng Paglilisensya sa Kowloon](#), [Opisina ng Paglilisensya sa Kwun Tong](#) at [Opisina ng Paglilisensya sa Sha Tin](#): Nagpoproseso ng mga aplikasyong isinumite kasama ang mga ganap na lisensya sa pagmamaneho na inisyu ng **Mainland**
- **PANSIN:** Mula ika-16 ng Marso 2026 patuloy, para sa pagsusumite ng aplikasyon para sa direktang pag-isyu ng buong lisensya sa pagmamaneho sa Hong Kong, ang mga aplikante ay **dapat** munang magpa-appointment para sa "direktang pag-isyu" na mga serbisyo sa counter sa pamamagitan ng [itinalagang online appointment booking system](#), at pagkatapos ay bisitahin ang mga itinalagang opisina ng paglilisensya sa itinalagang petsa at oras upang magsumite ng aplikasyon. **Hindi pinapayagan ang walk-in o pagkuha ng numero ng pila sa mismong lugar** ang isasaayos para sa pagsusumite ng mga direktang pag-isyu ng aplikasyon.

3.1.3 Ano ang dapat dalhin?

Kapag isinumite mo ang iyong aplikasyon, mangyaring ipakita ang wastong natapos at orihinal na nilagdaang [TD63A](#) na form ng aplikasyon(ang digital/nakaimprentang lagda **hindi** tinatanggap; kung ang impormasyong ibinigay sa form ng aplikasyon ay binago, ang aplikante ay dapat lumagda sa tabi ng bahaging binago para sa pagpapatunay, ang aplikante ay dapat mag - sign sa tabi ng binagong bahagi para sa beripikasyon), at **mga orihinal at kopya** (^ (^Tanging mga hard copy lamang ang tinatanggap. Ang pagpapakita ng mga dokumento sa pamamagitan ng mga elektronikong kagamitan ay hindi tinatanggap bilang mga kopya. Mangyaring sumite ang mga photocopy o printout. **Dapat na kasama sa mga kopya ang harap at likod na bahagi ng lahat ng pahina ng mga dokumento.**) ng mga sumusunod na dokumento:—

- ang iyong Hong Kong Identity Card (kung mayroon man)/pasaporte/katumbas na dokumento sa paglalakbay;
- ang iyong pasaporte o iba pang katumbas na dokumento sa paglalakbay (kung natutugunan mo ang kinakailangan sa 3.1.1(d)(i) o (iii) sa itaas, dapat mo ring ibigay ang iyong pasaporte o dokumento sa paglalakbay; para sa pagtugon sa kinakailangan sa 3.1.1(d)(i), bilang karagdagan sa pahina ng pasaporte/dokumentong sa paglalakbay kasama ang iyong mga personal na detalye,

ang iyong mga isinuniteng kopya ay dapat ding maglaman ng mga pahinang nagpapakita ng mga talaan ng pagpasok at pag-alis at VISA, kung mayroon man);

- ang iyong lisensya sa pagmamaneho sa ibang bansa/PRC (mangyaring ipakita ang iyong pisikal na lisensya sa pagmamaneho. Ang iyong mga isinuniteng kopya ay dapat maglaman ng parehong harap at likod na panig ng lisensya, kung ang iyong lisensya ay may higit sa isang pahina (hal. Lisensya sa pagmamaneho sa Mainland), mangyaring magsumite ng mga kopya ng parehong harap at likod na panig ng lahat ng pahina ng lisensya);
- mga sumusuportang dokumento upang patunayan na ikaw ay karapat-dapat para sa aplikasyon na ito tulad ng nabanggit sa 3.1.1 sa itaas at anumang iba pang kaugnay na mga dokumento na hilingin ng Komisyonero;
- kung saan ang isang dokumento ay wala sa wikang Tsino o Ingles, dapat itong samahan ng isang opisyal na sertipikadong pagsasalin (Ang sumusunod na salin ay katanggap-tanggap:
 - Salin mula sa konsulado sa Hong Kong ng bansang nag-isyu ng lisensya sa pagmamaneho; o
 - Salin mula sa opisyal na awtoridad sa paglilisensya na nag-isyu ng lisensya sa pagmamaneho; o
 - Salin ng mga rehistradong tagasalin sa hukuman ng Hong Kong na hindi nagtatrabaho sa Hudikatura; o
 - Salin ng isang tagasalin (hindi ang aplikante mismo) mula sa isang rehistradong lokal na ahensya ng pagsasalin/pribadong tagasalin, at ang tagasalin ay kinakailangang magdala ng kaniyang dokumento ng pagkakakilanlan (ID) at mga kaugnay na mga dokumento at magpahayag ng kawastuhan ng salin sa Opisina ng Paglilisensya sa Hong Kong ng Departamento ng Transportasyon. Para sa mga katanungan, mangyaring makipag-ugnay sa 2804 2600.);
- Orihinal na Medical Examination Certificate ([TD256](#)) na nararapat na nakumpleto ng isang rehistradong medikal na practitioner sa loob ng 4 na buwan mula sa petsa ng aplikasyon upang patunayan na ikaw ay malusog sa medikal na aspeto para magmaneho at makontrol ang (mga) klase ng (mga) sasakyang de- motor na nauugnay sa iyong aplikasyon (naaangkop sa isang taong may edad na 70 o higit pa);
- Orihinal o kopya ng [patunay ng kasalukuyang address](#) (residential address^[10] at Hong Kong correspondence address^[11]) na inisyu nang hindi hihigit sa 3 buwan mula sa petsa ng aplikasyon (tinatanggap ang orihinal o kopya; ang simpleng pagpapakita ng digital na kopya o larawan ng patunay ng address sa mismong lugar [on-site] ay hindi tinatanggap); at
- Kinakailangang bayad (maaari kang magtanong sa mga enquiry counter ng mga opisina ng paglilisensya o sa pamamagitan ng 1823 Call Centre, sumangguni sa talahanayan ng mga bayad sa lisensya (TD341) sa mga opisina ng paglilisensya, o bisitahin ang Departamento ng Transportasyon na [website](#) para sa pinakabagong kinakailangang bayad).

Mangyaring tandaan na hindi itatago ng Departamento ng Transport ang orihinal na mga dokumento ng pagkakakilanlan at mga lisensya sa pagmamaneho. Ang mga naturang dokumento ay ibabalik sa mismong oras na iyon.

Sa kabila ng mga dokumento at impormasyong kinakailangang ibigay, ang mga aplikante ay maaari pa ring hilingang magsumite ng karagdagang mga sumusuportang dokumento at impormasyon kaugnay ng (mga) aplikasyon kapag kinakailangan, depende sa mga sirkumstansya ng bawat kaso.



3.1.4 Ano ang dapat mong tandaan?

- Ang mekanismo ng "direktang pag-isyu" ay naaangkop lamang sa pribadong kotse, magaan na sasakyang pangkomersyo, motorsiklo at motor tricycle.
- **Ang appointment booking ay dapat gawin sa pamamagitan ng itinalagang online appointment booking system (<https://www.gov.hk/en/residents/transport/drivinglicense/diabs.htm>) para sa serbisyong counter upang maisumite ang mga aplikasyon para sa direktang pag-isyu.** Ang sistema ng online appointment ay nagbubukas ng mga bakanteng slot para sa darating na 4 na linggo para sa pagpapareserba, at ang mga slot ay ia-update sa ganap na **5:00 pm bawat araw ng pagtatrabaho.**
- **Hindi pinapayagan ang walk-in o pagkuha ng numero ng pila sa mismong lugar.** Ang aplikasyon na isinumite sa pamamagitan ng post/ sa pamamagitan ng drop-in box ay **hindi** tinatanggap.
- Kung ang aplikasyon ay isusumite ng isang awtorisadong tao sa counter ng opisina ng paglilisensya, kinakailangan ng awtorisadong tao na ipakita ang kaniyang sariling orihinal na dokumento ng pagkakakilanlan para sa layunin ng pagtatala.
- Mangyaring tandaan na kung kinakailangan ng karagdagang follow-up o kung ang mga isinumiteng dokumento ay hindi kumpleto/kulang para sa aplikasyon, ang tao ay kinakailangang mag-follow up sa parehong opisina ng paglilisensya at ang pagpoproseso ng aplikasyon ay maaaring hindi matapos sa parehong araw.
- Kung ang aplikasyon ay hindi makukumpleto sa parehong araw ng pagsusumite, isang pagkilala sa pagtanggap ang ibibigay sa aplikante o sa awtorisadong tao. Ang aplikante o ang awtorisadong tao ay maaaring sumunod sa mga tagubilin na nakasaad sa pagkilala sa pagtanggap upang bumalik sa parehong opisina ng paglilisensya kung saan niya isinumite ang aplikasyon sa loob ng itinakdang panahon upang suriin ang resulta ng aplikasyon.
- Mula nang palawigin ang Skema ng Probasyonaryong Lisensya sa Pagmamaneho sa pribadong kotse at magaan na sasakyang pangkomersyo noong Pebrero 9, 2009, ang isang tao na nakapasa sa kaugnay na mga pagsusulit sa pagmamaneho ay kinakailangang mag-apply para sa isang probasyonaryong lisensya sa pagmamaneho, at sa kasiya-siyang pagtatapos ng 12-buwang panahon ng probasyonaryong pagmamaneho, ay magiging kwalipikado para sa pag-isyu ng ganap na lisensya sa pagmamaneho para sa pribadong kotse at/o magaan na sasakyang pangkomersyo. Ayon sa kaugnay na ordinansa, ang mekanismo ng "direktang pag-isyu" ay maaari lamang magpahintulot sa isang kwalipikadong aplikante na may ganap na lisensya sa pagmamaneho na inisyu ng alinman sa mga bansa/lugar na nakalista sa ilalim ng Iskedyul 4 ng Cap. 374B (tingnan ang 3.1.1(a) sa itaas), na mag-apply para sa ganap na lisensya sa pagmamaneho sa Hong Kong para sa kaugnay na klase ng sasakyan (pribadong kotse, magaan na sasakyang pangkomersyo, motorsiklo, at motor tricycle). Ang mekanismo ng "direktang pag-isyu" ay hindi nalalapat sa mga walang hawak na ganap na lisensya sa pagmamaneho o katumbas nito.
- Ang mga aplikante na nakatutugon sa lahat ng mga kinakailangan para sa direktang pag-isyu ng ganap na lisensya sa pagmamaneho ay iisyuhan ng ganap na lisensya sa pagmamaneho sa Hong Kong nang hindi na dadaan sa 12-buwang panahon ng probasyonaryo ng pagmamaneho.
- Kung ang isang may-hawak ng lisensya sa pagmamaneho ay mayroong anumang (mga) karapatan sa pagmamaneho na nakuha sa pamamagitan ng mekanismo ng "direktang pag-isyu" (direct issue), pisikal man o elektronikong lisensya ito sa pagmamaneho, ang reference number ng lisensyang inisyu/pinalawig (renewed) ay magsisimula sa unlaping (prefix) "DI", at isang simbolo ng "*" ang mamamarkahan sa tabi ng (mga) karapatan sa pagmamaneho na nakuha sa pamamagitan ng mekanismo ng "direktang pag-isyu" (nalalapat sa mga lisensyang inisyu/pinalawig mula Setyembre 15, 2025 pataas).

- Kung kinakailangan, ang may-hawak ng lisensya ay maaaring magsumite ng nakasulat na aplikasyon sa Departamento ng Transportasyon (Transport Department) para sa pag-isyu ng isang sulat na nagpapatunay sa kaniyang (mga) karapatan sa pagmamaneho na nakuha sa pamamagitan ng mekanismo ng "direktang pag-isyu" o pagtatapos ng (mga) pagsusulit sa pagmamaneho.
- Sa panahon ng proseso ng pagsusuri, ang Departamentong ito ay maaaring, depende sa nilalaman ng aplikasyon, hilingin sa aplikante/ kaugnay na tao na magdala ng kaniyang dokumento ng pagkakakilanlan at anumang iba pang kinakailangang dokumento sa Opisina ng Paglilisensya sa Hong Kong ng Departamento ng Transportasyon upang magpahayag ng deklarasyon/panunumpa. Para sa mga katanungan, mangyaring makipag-ugnayan sa Seksyon ng Paglilisensya ng Departamento ng Transportasyon sa 2804 2693 / 2804 2600.

3.2 Mag-apply para sa Pansamantalang Lisensya sa Pagmamaneho



3.2.1 Mga Pamantayan

Para sa pag-isyu ng pansamantalang lisensya sa pagmamaneho, kinakailangan mong mapatunayan sa Komisyunero sa pamamagitan ng **documentaryong patunay** na:

(a) ikaw ay isang may-hawak ng isang wastong ganap na lisensya sa pagmamaneho (hindi isang Internasyonal na Permit sa Pagmamaneho o lisensya para sa nag-aaral/ probasyonaryong lisensya sa pagmamaneho) na inisyu ng isang bansa o lugar na **hindi** nakalista sa Iskedyul 4 ng Cap. 374B (mangyaring sumangguni sa [Apendiks C](#));

(b) ikaw ay nag-apply para sa isang pagsusulit sa pagmamaneho (driving test) sa Departamento ng Transportasyon sa loob ng 3 buwan pagkatapos ng petsa ng iyong pagdating sa Hong Kong upang manirahan; at

(c) natupad mo ang alinman sa tatlong kinakailangan sa ibaba:

(i) ang lisensya ay orihinal na inisyu sa iyo sa anumang petsa sa loob ng panahon ng paninirahan na hindi kukulangin sa 6 na buwan sa bansa o lugar na nag-isyu (kasama sa mga sumusuportang dokumento ang (i) kaugnay na pasaporte na nagpapakita ng mga rekord ng pagpasok at pag-alis o isang opisyal na sertipiko ng rekord ng pagbibiyahe mula sa bansa o lugar na nag-isyu, (ii) visa^[5] omga opisyal na dokumento na maaaring magpakita ng iyong katayuan ng pananatili sa bansa o lugar na nag-isyu (kung mayroon man) **at** (iii) ang iyong transcript sa paaralan^[6] o sertipiko mula sa employer^[7] na may tinukoy na panahon ng pagtatrabaho, at iba pa, na sumasaklaw sa hindi kukulangin sa nabanggit na 6 na buwang panahon kung saan kasama ang petsa ng pag-isyu ng lisensya); o

(ii) ang lisensya ay naiisyu na sa iyo sa loob ng hindi kukulangin sa 5 taon bago ang petsa ng aplikasyon^[8]; o

(iii) ikaw ay may-hawak ng pasaporte o katumbas na dokumento sa pagbibiyahe na inisyu sa bansa o lugar kung saan inisyu ang iyong lisensya.

Para sa pagpapalawig ng panahon ng bisa ng pansamantalang lisensya sa pagmamaneho, mangyaring tandaan na:

(a) Kung ang bisa ng iyong pansamantalang lisensya sa pagmamaneho ay hindi makasasaklaw sa petsa ng appointment sa pagsusulit sa pagmamaneho, ang anumang aplikasyon para sa pagpapalawig ng lisensya ay kinakailangang isumite **bago ito mag-expire**.

(b) Walang pagpapalawig sa panahon ng bisa ng iyong pansamantalang lisensya sa pagmamaneho ang tatanggapin maliban kung ikaw ay mayroong kasalukuyang appointment sa pagsusulit sa pagmamaneho para sa kaugnay na (mga) klase ng sasakyan sa Hong Kong.

(c) Ang bisa ng iyong pansamantalang lisensya sa pagmamaneho ay maaaring palawigin para sa isa pang karagdagang panahon na hindi hihigit sa 6 na buwan. Wala nang karagdagang pagpapalawig ang ibibigay.

(d) WALANG BAYAD na sisingilin para sa pagpapalawig ng pansamantalang lisensya sa pagmamaneho.

3.2.2 Paano mag-apply?

- Kumpletuhin ang form ng aplikasyon ([TD181](#)) (Hindi tinatanggap ang digital/nakaimprentang lagda; kung ang impormasyong ibinigay sa form ng aplikasyon ay binago, ang aplikante ay dapat lumagda sa tabi ng bahaging binago para sa pagpapatunay); at
- Isumite ang form ng aplikasyon kasama ang mga kinakailangang dokumento at bayad nang personal/ng isang awtorisadong tao sa counter sa [Opisina ng Paglilisensya ng Hong Kong](#) (Maaari kang magpa-appointment para sa counter service sa pamamagitan ng [itinalagang online appointment booking system](#) upang makatipid ng oras ng paghihintay. Kung walang paunang appointment na ginawa online o sa pamamagitan ng telepono, kinakailangan mong kumuha ng tiket ng pila para sa mismong araw na iyon sa mismong lugar bago gamitin ang serbisyong counter ([Mangyaring i-click dito](#) para sa mga detalye)).

3.2.3 Ano ang dapat dalhin?

Kapag isinumite mo ang iyong aplikasyon, mangyaring gumawa ng **mga orihinal at kopya**[^] (^Tanging mga hard copy lamang ang tinatanggap. Ang pagpapakita ng mga dokumento sa pamamagitan ng mga elektronikong kagamitan ay hindi tinatanggap bilang mga kopya. Mangyaring isumite ang mga photocopy o printout. **Dapat na kasama sa mga kopya ang harap at likod na bahagi ng lahat ng pahina ng mga dokumento.**) ng mga sumusunod na dokumento:—

- ang iyong Hong Kong Identity Card;
- ang iyong pasaporte o iba pang katumbas na dokumento sa pagbibiyaha;
- ang iyong lisensya sa pagmamaneho sa ibang bansa;
- mga sumusuportang dokumento upang patunayan na ikaw ay kwalipikado para sa aplikasyong ito gaya ng nabanggit sa 3.2.1 sa itaas at anumang iba pang kaugnay na mga dokumento na hilingin ng Komisyonero;
- kung saan ang isang dokumento ay wala sa wikang Tsino o Ingles, dapat itong samahan ng isang opisyal na sertipikadong pagsasalin (Ang sumusunod na salin ay katanggap-tanggap:
 - Salin mula sa konsulado sa Hong Kong ng bansang nag-isyu ng lisensya sa pagmamaneho; o
 - Salin mula sa opisyal na awtoridad sa paglilisensya na nag-isyu ng lisensya sa pagmamaneho; o
 - Salin ng mga rehistradong tagasalin sa hukuman ng Hong Kong na hindi nagtatrabaho sa Hudikatura; o
 - Salin ng isang tagasalin (hindi ang aplikante mismo) mula sa isang rehistradong lokal na ahensya ng pagsasalin/pribadong tagasalin, at ang tagasalin ay kinakailangang magdala ng kaniyang dokumento ng pagkakakilanlan (ID) at mga kaugnay na mga dokumento at magpahayag ng kawastuhan ng salin sa Opisina ng Paglilisensya sa Hong Kong ng Departamento ng Transportasyon. Para sa mga katanungan, mangyaring makipag-ugnay sa 2804 2600.);
- Sertipiko ng Pagsusuring Medikal ([TD256](#)) na wastong kinompleto ng isang rehistradong doktor sa loob ng 4 na buwan mula sa petsa ng aplikasyon upang patunayan na ikaw ay malusog sa medikal na aspeto para magmaneho at kumontrol sa (mga) klase ng (mga) de-motor na sasakyan na kinabibilangan ng iyong aplikasyon (nalalapat sa taong may edad na 70 o pataas);

- Orihinal o kopya ng [patunay ng kasalukuyang address](#) (residential address at Hong Kong correspondence address) na inisyu nang hindi hihigit sa 3 buwan mula sa petsa ng aplikasyon; at
- Kinakailangang bayad (maaari kang magtanong sa mga enquiry counter ng mga opisina ng paglilisensya o sa pamamagitan ng 1823 Call Centre, sumangguni sa talahanayan ng mga bayad sa lisensya (TD341) sa mga opisina ng paglilisensya, o bisitahin ang Departamento ng Transportasyon na [website](#) para sa pinakabagong kinakailangang bayad).

Mangyaring tandaan na hindi itatago ng Departamento ng Transport ang orihinal na mga dokumento ng pagkakakilanlan at mga lisensya sa pagmamaneho. Ang mga naturang dokumento ay ibabalik sa mismong oras na iyon.

Sa kabila ng mga dokumento at impormasyong kinakailangang ibigay, ang mga aplikante ay maaari pa ring hilingang magsumite ng karagdagang mga sumusuportang dokumento at impormasyon kaugnay ng (mga) aplikasyon kapag kinakailangan, depende sa mga sirkumstansya ng bawat kaso.

3.2.4 Ano ang dapat mong tandaan?

- Mangyaring tandaan na ang pansamantalang lisensya sa pagmamaneho ay hindi naaangkop sa mga taong karaniwang residente sa Hong Kong.
- Ang pansamantalang lisensya sa pagmamaneho ay naaangkop sa pribadong sasakyan at magaan na sasakyang pangkomersyo lamang.
- Ang pansamantalang lisensya sa pagmamaneho ay may bisa hanggang sa pag-expire ng iyong lisensya sa pagmamaneho sa ibang bansa o pag-expire ng 12 buwan mula sa petsa ng iyong pagdating sa Hong Kong upang kumuha ng paninirahan, alinman ang mangyayari muna.
- Kung ikaw ay papasa sa mga pagsusulit sa pagmamaneho, maaari ka nang mag-apply nang direkta para sa isang ganap na lisensya sa pagmamaneho. Kung ikaw ay babagsak sa alinmang bahagi ng mga pagsusulit sa pagmamaneho, ang iyong pansamantalang lisensya sa pagmamaneho ay kanselado na nang magkakabisa agad at hindi ka na maaaring mag-apply para sa isa pang pansamantalang lisensya
- Sa panahon ng proseso ng pagsusuri, ang Departamentong ito ay maaaring, depende sa nilalaman ng aplikasyon, hilingin sa aplikante/ kaugnay na tao na magdala ng kaniyang dokumento ng pagkakakilanlan at anumang iba pang kinakailangang dokumento sa Opisina ng Paglilisensya sa Hong Kong ng Departamento ng Transportasyon upang magpahayag ng deklarasyon/panunumpa. Para sa mga katanungan, mangyaring makipag-ugnayan sa Seksyon ng Paglilisensya ng Departamento ng Transportasyon sa 2804 2693 / 2804 2600.

Tandaan:

[1] Regulasyon 37 ng Mga Regulasyon ng Trapiko sa Daan (Lisensya sa Pagmamaneho) Mga Regulasyon (Cap. 374B) na ang isang bisita na may hawak na isang valid na internasyonal na permit sa pagmamaneho o isang domestic na lisensya sa pagmamaneho na ibinigay sa isang lugar sa labas ng Hong Kong ay maaaring magmaneho sa Hong Kong, sa panahon ng 12 buwan kasunod ng petsa ng kanyang huling pagpasok sa Hong Kong, ng isang motor na sasakyan ng anumang klase na pinahihintulutan niyang imaneho sa ilalim ng naturang permit o lisensya sa kabila ng katotohanan na siya ay hindi may-hawak ng isang lisensya sa pagmamaneho na ibinigay sa ilalim ng mga regulasyong ito, ngunit sa kondisyon na naabot niya ang edad

na tinukoy sa regulasyon 7 para sa pagbibigay ng naturang lisensya sa pagmamaneho patungkol sa klase ng motor na sasakyan. Ayon sa regulasyon 2 ng Cap. 374B at tumutukoy sa regulasyon 2 ng Mga Regulasyon ng Trapiko sa Kalsada (Pagpaparehistro at Paglilisensya ng mga Sasakyan) Mga Regulasyon (Cap. 374E), "bisita" ay nangangahulugang sinumang tao na dumating sa Hong Kong maliban sa kumuha ng paninirahan para sa isang panahon na lumampas sa 12 buwan.

[2] Sa ilang mga hurisdiksyon, ang mga lisensya sa pagmamaneho ay hindi malinaw na nakikilala sa pagitan ng "probasyonaryo" at "ganap" na katayuan para sa partikular na (mga) karapatan sa pagmamaneho. Kung ang iyong lisensya sa pagmamaneho ay hindi malinaw na nagpapakita na nakumpleto mo na ang panahon ng pagmamaneho sa probasyon at nagtataglay ng isang ganap na lisensya sa pagmamaneho para sa kaugnay na (mga) karapatan sa pagmamaneho, mangyaring magbigay ng orihinal at kopya ng mga opisyal na dokumento ng mga detalye ng lisensya sa pagmamaneho na inisyu ng mga kaugnay na awtoridad sa transportasyon/ lahat ng panig ng iyong naunang (mga) lisensya sa pagmamaneho na maaaring magpakita na ang mga kaugnay na (mga) karapatan sa pagmamaneho ay nakumpleto ang panahon ng pagmamaneho sa probasyon. Para sa mga aplikasyon na may ganap na lisensya sa pagmamaneho na inisyu ng Mainland, kung ang iyong lisensya ay na-renew o muling inisyu nang wala pang isang taon ang nakalilipas at hindi ito naglalaman ng impormasyon tungkol sa probasyonaryo na panahon ng pagmamaneho o naglalaman ito ng higit sa isang karapatan sa pagmamaneho, kinakailangan mong ibigay ang nabanggit na mga sumusuportang dokumento upang ipakita na ang mga kaugnay na (mga) karapatan sa pagmamaneho ay nakumpleto ang panahon ng pagmamaneho ng probasyon.

[3] Para sa mga aplikasyon na may ganap na lisensya sa pagmamaneho na inisyu ng Mainland, kung ang unang petsa ng pag-isyu ng iyong lisensya sa pagmamaneho ay kapareho ng petsa ng pag-isyu ng iyong kasalukuyang lisensya sa pagmamaneho, ngunit ang iyong kasalukuyang lisensya sa pagmamaneho ay hindi naglalaman ng impormasyon tungkol sa panahon ng pagmamaneho ng probasyon o ang iyong lisensya ay naglalaman ng higit sa isang karapatan sa pagmamaneho, kinakailangan kang magbigay ng orihinal at kopya ng mga opisyal na dokumento ng mga detalye ng lisensya sa pagmamaneho na inisyu ng mga kaugnay na awtoridad sa transportasyon na maaaring magpakita na ang kaugnay na (mga) karapatan sa pagmamaneho ay nakuha sa pamamagitan ng pagpasa ng kaugnay na (mga) pagsusulit sa pagmamaneho sa Mainland.

[4] Para sa mga aplikasyon na may ganap na lisensya sa pagmamaneho na inisyu ng Mainland, ang mga aplikante ay hindi maaaring magsumite lamang ng Residence Permit para sa mga Residente ng Hong Kong at Macao o sertipiko/ dokumento ng pagmamay-ari ng ari-arian bilang mga sumusuportang dokumento.

[5] Halimbawa, pag-aaral/ trabaho/ umaasa na visa, atbp.

[6] Mangyaring ipakita ang orihinal at kopya ng transcript ng paaralan o liham na opisyal na inisyu ng inyong paaralan/ institusyon na naglalaman ng sumusunod na impormasyon:

(a) Ang iyong pangalan at numero ng mag-aaral (kung magagamit ang numero ng mag-aaral, mangyaring ipakita din ang iyong card ng mag-aaral);

(b) Pangalan at address ng paaralan/ institusyon;

(c) Ang panahon na sakop (na dapat hindi bababa sa 6 na buwang panahon na kasama ang petsa ng pag-isyu ng lisensya);

(d) Petsa ng pag-isyu ng sulat; at

(e) Pangalan, pamagat ng post, lagda at impormasyon sa pakikipag-ugnay ng taong nagbigay ng sulat, na tinatakan ng chop ng paaralan/ institusyon.

Mangyaring tandaan na ang mga aplikante ay hindi maaaring magsumite lamang ng isang sulat ng alok/kard ng mag-aaral bilang sumusuportang dokumento.

[7] Mangyaring ipakita ang orihinal at kopya ng testimonial ng employer na ibinigay ng iyong employer na naglalaman ng sumusunod na impormasyon:
(a) Ang iyong pangalan at numero ng dokumento ng pagkakakilanlan (mangyaring ipakita din ang may-kaugnay na mga dokumento ng pagkakakilanlan);

(b) Pangalan at address ng kumpanya;

(c) Ang panahon na sakop (na dapat sumasaklaw ng hindi bababa sa 6 na buwan na panahon na kasama ang petsa ng pag-isyu ng lisensya);

(d) Petsa ng pag-isyu ng sulat; at

(e) Pangalan, pamagat ng post, lagda at impormasyon sa pakikipag-ugnay ng taong nagbigay ng sulat, na tinatakan ng chop ng kumpanya. Mangyaring tandaan na ang mga aplikante ay hindi maaaring magsumite lamang ng kontrata sa trabaho o mag-alok ng sulat bilang pansuportang dokumento.

[8] Sa mga kaso kung saan ang iyong buong lisensya sa pagmamaneho ay hindi nagpapakita ng unang petsa ng pag-isyu/ naglalaman ng higit sa isang karapatan sa pagmamaneho, mangyaring ipakita ang orihinal at kopya ng mga opisyal na dokumento ng mga detalye ng lisensya sa pagmamaneho na inisyu ng mga kaugnay na awtoridad sa transportasyon/ lahat ng panig ng iyong naunang (mga) lisensya sa pagmamaneho upang ipakita na nakuha mo ang buong lisensya sa pagmamaneho ng kaugnay na (mga) karapatan sa pagmamaneho nang hindi bababa sa 5 taon.

[9] Para sa mga aplikasyon na may ganap na lisensya sa pagmamaneho na inisyu ng Mainland, ang Mainland Travel Permit para sa mga Residente ng Hong Kong at Macao/ Mainland Residence Permit para sa mga Residente ng Hong Kong at Macao ay hindi itinuturing na katumbas na mga dokumento sa paglalakbay.

[10] Kung nakatira ka sa labas ng Hong Kong, maaari mong punan ang iyong non-Hong Kong residential address sa form ng aplikasyon at magbigay ng kaugnay na patunay ng address. Mangyaring sumangguni sa aming [tematikong website sa kinakailangan ng patunay ng address](#) para sa karagdagang impormasyon at mga halimbawa ng katanggap-tanggap na patunay ng address. Mangyaring tandaan na ang pagpapakita ng patunay ng address sa pamamagitan lamang ng elektronikong kagamitan sa site ay hindi tinatanggap para sa aplikasyon para sa direktang isyu ng buong lisensya sa pagmamaneho ng Hong Kong. Mangyaring magsumite ng mga hard copy ng patunay ng address.

[11] Ang mga aplikante para sa direktang isyu ng buong lisensya sa pagmamaneho sa Hong Kong ay dapat magbigay ng isang address para sa pakikipag-ugnayan sa Hong Kong para sa mga aplikasyon. Kung ikaw ay naninirahan sa labas ng Hong Kong at walang ari-arian o mailbox sa Hong Kong para sa layunin ng pakikipag-ugnayan, t pinahintulutang gamitin ang lokal na address ng ibang tao bilang address para sa pakikipag-ugnayan, bilang karagdagan sa patunay ng tirahan ng taong iyon (orihinal o kopya), mangyaring magbigay din ng **orihinal na liham ng pahintulot** na personal na nilagdaan ng taong iyon (hindi tinatanggap ang digital/naka - print na lagda) (upang mapanatili ng Departamento ng Transportasyon) at isang kopya ng kanyang dokumento ng pagkakakilanlan. Mangyaring sumangguni sa Q&A10 ng aming [tematikong website patungkol sa kinakailangang patunay ng address](#) para sa karagdagang impormasyon ng mga kinakailangang dokumento. Mangyaring tandaan na ang pagpapakita ng patunay ng address sa pamamagitan lamang ng elektronikong kagamitan sa site ay hindi tinatanggap para sa aplikasyon para sa direktang isyu ng buong lisensya sa pagmamaneho ng Hong Kong. Mangyaring magsumite ng mga hard copy ng patunay ng address

Mangyaring sumangguni sa [bersyon ng Ingles](#) para sa pinakabagong impormasyon.